Magbata Nang May Kagalakan!

Tagubilin: Gawin ito sa tahimik na lugar. Habang binabasa mo ang mga teksto, isipin mong naroroon ka. Ilarawan sa iyong isip ang eksena. Isipin mong naririnig mo sila. Damhin mo ang nadarama ng pangunahing mga tauhan. Gawing buháy na buháy sa iyong isipan ang kuwento.

Pangunahing mga tauhan: Apostol Pablo, Silas, alilang babae at ang kaniyang mga panginoon, tagapagbilanggo

Sumaryo: Sina Pablo at Silas ay ibinilanggo dahil sa pangangaral; pagkatapos, nakalaya sila dahil sa isang lindol.

1 PAG-ISIPAN ANG EKSENA.—BASAHIN ANG GAWA 16:16-40.

Ano ang "nakikita" mong ekspresyon ng mukha ng mga panginoon ng alilang babae? (*Basahing muli ang talata 19-22.*)

_____

nina Pablo at Silas habang nakabilanggo? (*Basahing muli ang talata 25.*)

_____

Ilarawan ang epekto at hugong ng "malakas na lindol." (*Basahing muli ang talata 26, 27.*)

_____

Ano kaya ang tono ng boses ni apostol Pablo habang nakikipag-usap sa tagapagbilanggo? (*Basahing muli ang talata 28-31.*)

_____

2 PAG-ARALANG MABUTI.

Isang likas na lindol lang ba ang nangyari? Bakit, o bakit hindi? (Clue: Basahin ang Gawa 4:31; 5:19; 12:7.)

_____

_____

Bakit maaaring ikinagulat ng tagapagbilanggo ang kabaitan sa kaniya nina Pablo at Silas? (*Basahing muli ang Gawa 16:23, 24.*)

_____

_____

_____

Paano nakatulong kina Pablo at Silas ang pag-uusig para makapangaral sa mas maraming tao? (Clue: *Basahing muli ang talata 25 at 33.*)

_____

_____

_____

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 GAMITIN ANG IYONG NATUTUHAN.

Isulat ang iyong natutuhan tungkol . . .

Sa kung paano mababata ang pagdurusa.

Sa mga pakinabang ng pagbabata. (Basahin ang Santiago 1:2-4.)

4 TANUNGIN ANG SARILI.

Kailan ko kailangang-kailangan ang pagbabata?

Habang nagbabata ng pagdurusa, paano ko matutularan si Pablo sa pakikitungo sa iba?

Anong aral sa kuwentong ito ang pinakamahalaga sa akin, at bakit?

Mungkahi: Kunwari, ikaw ang tagapagbilanggo. Isulat ang naiisip mong nangyayari sa iyong paligid. Isama ang damdamin ng tagapagbilanggo habang ikinukulong niya sina Pablo at Silas, nasasaksihan ang lindol, at binabautismuhan kasama ang kaniyang pamilya.



JW.ORG™

I-download ang PDF na ito sa www.jw.org/tl

www.jw.org © 2013 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania